# Hello mula sa
# ZIMBABWE!

Ang Zimbabwe ay nasa Southern Africa. Mahigit 16,500,000 katao ang naninirahan doon.

## ISANG NAPAKAGANDANG TALON



Ang Victoria Falls sa Zimbabwe ang pinakamalaking talon sa mundo. Maaaring marinig ang ingay nito mula sa mahigit 24 na milyang (40 km) layo!

## ISANG PAGBISITA NG PROPETA





Noong Abril 2018 bumisita sina Pangulong Nelson at Sister Nelson sa Zimbabwe. Daan-daang bata ang kumanta ng "Ako ay Anak ng Diyos" para sa kanila.




MGA LARAWANG-GUHIT NI KATIE REWSE





## KAMANGHA-MANGHANG MGA HAYOP

Maraming damuhan sa Zimbabwe. Ang ilan sa mga hayop na naninirahan doon ay mga leon, hippotamus, giraffe, antelope, at elepante.




## MGA WIKA

Ang Zimbabwe ay may 16 na opisyal na wika. Ang ilan sa mga ito ay Shona, Ndebele, at English—at ilan lamang iyan!

AKTIBIDAD



### Elephant Craft

Nasa Zimbabwe ang pangalawang pinakamalaking populasyon ng mga elepante sa mundo!

1. Gumupit ng isang malaking bilog ng papel para sa ulo at dalawang mas maliliit na bilog para sa mga tainga. Pagkatapos ay idikit ang mga tainga sa ulo.
2. Gumupit ng isang mahabang parihabang papel para magawa ang katawan. Itupi ito nang pabalik-balik para makagawa ito ng hugis na zig-zag.
3. Gumupit ng dalawang pangil ng elepante.
4. Ngayon ay magdrowing ng mga mata at isang ngiti para sa iyong elepante. Pagkatapos ay idikit ang mga pangil at katawan sa itaas!

RESIPE



### Muriwo Unedovi
### (Peanut Butter Greens)

Ang Muriwo unedovi ay isang tradisyonal na pagkain sa Zimbabwe. Narito ang isang bersyon ng resipe na maaari mong subukan!

1. Maghiwa ng **1 sibuyas** at lutuin sa isang kawali na may **mantika** sa loob ng 3–5 minuto. Maghiwa ng **2 kamatis** at ilagay sa kawali. Lutuin nang 3–5 minuto pa.
2. Magtadtad ng **10 tasang (2400 ml) spinach** (o berdeng dahon na gusto mo) at ilagay sa kawali. Hayaang malanta ang berdeng dahon sa loob ng 5 minuto.
3. Magdagdag ng **2 kutsarang (30 ml) peanut butter**, **1/4 na tasang (59 ml) tubig**, at **1/2 kutsaritang (2.4 ml) garlic powder**. Haluing mabuti at lagyan ng **asin** ayon sa iyong panlasa.

***Siguruhing magpatulong sa isang adult!***